# Balitang Manmin

BILANG 131 MAYO 3, 2015


# Nagsimula sa Wala ang Ministeryo ng GCN sa Pagbobrodkast

## Binabago ng Mabubuti at Masasayang Palabas ang Buhay ng mga Manonood




Nagsisilbing liwanag sa mga kaluluwa ang mga programang puno ng buhay ng GCN. Ipinapangaral nila ang tungkol kay Jesu-Cristo at Diyos na Manlilikha sa mahigit 170 mga bansa. Litrato, sa itaas, ang liwanag na hugis krus na nakita sa itaas ng Empire State Building noong unang araw ng pagbobrodkast sa lunsod ng New York, Estados Unidos; gitna, mula sa kaliwa, krusada sa Uganda ni Dr. Jaerock Lee, naibalita ng CNN; Pagsisimula at pagtatatag ng GCN; krusada ng pagkakaisa sa Israel; ibaba, pandaigdigang pagpupulong ng mga Cristianong brodkaster (NRB).

Nakilahok muli sa taong ito ang GCN (Presidente: Elder Boaz J. Lee) sa taunang NRB International Christian Media Convention (pandaigdigang pagpupulong ng mga Cristianong brodkaster). Ang NRB (National Religious Broadcasters) ay itinatag para maprotektahan ang mga karapatan at interes ng mga Cristianong brodkaster. Nagpupulong sila para makapagpalitan ng mga kaalaman tungkol sa mga bagong teknolohiya at programa, at magkaroon ng pakikisama sa ibang mga Cristianong brodkaster.

Noong Pebrero 23-26, 2015, idinaos ang pagpupulong sa Gaylord Opryland Resort & Convention Center, Nashville, TN, Estados Unidos. Ipinakita ng GCN (www.gcntv.org) ang iba't iba nilang palabas at mga teknolohiyang ginagamit. Nagkaroon sila ng mabuti at masayang pakikisama sa mga lider ng NRB at mga maimpluwensyang Cristianong brodkaster. Pumirma sila ng kontrata bilang katuwang ng walong organisasyon ng limang mga bansa.

Ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon ng GCN. Magmula noong nagbukas ang iglesya, pinaniwalaan niya na ang minisyteryo ng pagbobrodkast ay epektibong paraan sa pagbabahagi ng ebanghelyo at ng kapangyarihan ng Diyos. Idinalangin niya ito, at noong Enero 1, 2000, sa pagsisimula ng bagong milenyo, nagsimula ang Manmin TV (GCN ngayon).

Noong Pebrero 2000, nabalitaan ni Elder Johnny J. Kim, Direktor ng GCN ang tungkol sa pagpupulong ng NRB, kaya sumali siya. Nakita niya doon ang walang limitasyong pagkakataon para sa pagsulong ng ministeryo ng pagbobrodkast. May mga nakilala siyang mga taong nakahandang tumulong sa GCN.

Maraming tao ang nakilala ng mga miyembro ng GCN sa pagpupulong ng NRB. Nakipag-ugnayan sila sa mga nakahandang tumulong sa pagpapalabas ng mga krusada sa ibang bansa ni Dr. Jaerock Lee. Matagumpay nilang naisagawa ito sa buong mundo. Magmula noong Hulyo 2000, naibrodkast na ng GCN ang mga krusada sa ibang bansa ni Dr. Lee habang ito ay kasalukuyang nangyayari. Naranasan ng mga taong hindi makadalo sa lugar ng pinagdadausan ng krusada ang mismong pagpapala at kapangyarihan ng Diyos sa panonood nila nito sa kanilang tahanan. Isa na dito ang krusada sa Uganda noong taong 2000. Ibinalita pa ito ng CNN at ang krusada sa Russia noong taong 2003, ipinalabas ito sa TBN Russia. Dahil dito, nakilala ang Manmin TV sa buong mundo.

Noong taong 2004, bumisita sa Manmin Central Church ang mga lider ng Cristianong pagbobrodkast, sama-sama nilang naisaayos ang GCN (Global Christian Network). Noong taong 2005, nagtatag ng lokal na korporasyon ang GCN. Nagsimula silang magpalabas ng mga programa sa pampublikong istasyon lunsod ng New York na may transmiter sa Empire State Building ng nasabing lugar.

Magmula noon, malaki ang naitutulong ng GCN sa mga krusada ni Dr. Jaerock Lee tulad ng sa DR Congo, New York, Israel, at Estonia dahil naibobrodkast ang mga ito sa pamamagitan ng satellite at internet. Noong Setyembre 2009, naipalabas sa mahigit sa 220 bansa sa tulong ng 33 brodkaster ang Krusada ng Pagkakaisa sa Israel na idinaos sa International Convention Center, Jerusalem.

Noong Oktubre 2013, itinalaga bilang Pangkalahatang Direktor si Pastor Heejin Lee. Magmula noon pinag-isa nila ang kapangyarihan ng espirituwal na pagsasaayos at pagkakaisa nang may pag-ibig. Bukod dito, gumagawa na sila ng mga bagong programang mula sa Diyos ang paksa, isinaalang-alang din nila ang mga bagay na kinahihiligan at interes ng mga manonood. Nagkaroon ng positibong reaksyon mula sa mga manonood ang mga naiibang programa ng GCN. Nagdala ito ng pagbabago at ng buhay sa mga tao sa buong mundo.

Sinabi ng isang brodkaster ng TBN Russia (Presidente: Pastor Igor Nikitin), "Nagpapadala ng libu-libong patotoo at pagpapasalamat ang mga manonood ng TBN Russia bawat buwan. Narinig namin ang makababagbag damdamin nilang mga kwento tungkol sa mga naranasan nilang pagkilos ng Diyos sa pananalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit, ang salita ng buhay, at ang pagpapakita ng kapangyarihan." Bukod dito, nakatanggap din ng mga sulat ng pagpapasalamat ang Enlace TV na nagbobrodkast sa Latin America mula sa mga taong napagaling at pinagpala dahil sa mga programa ng GCN. Marami sa kanila ang nagparehistro bilang miyembro ng Manmin Central Church sa mga sangay na iglesya nito sa nabanggit na lugar.

Nagbobrodkast na ngayon ang GCN ng mga programa at mga pagsamba ng iglesya sa mahigit 170 bansa sa pakikipagtulungan ng mga nangungunang brodkaster sa mundo. Pwede na ngayong sabay-sabay na sumamba sa iisang daloy ng espiritu ang mga sangay na iglesya sa ibang bansa at ang malaking iglesya, (may mga pagsamba sa ibang lugar na naka-record pa rin).

Ipagpapatuloy ng GCN ang pagpapatunay na may Diyos na buhay at ang Biblia ay totoo dahil malapit ng magwakas ang panahon. Tutuparin nila ang dakilang tungkulin na ibinigay ng Panginoon.

# "At Inyong Makikilala na Ako ang PANGINOON Ninyong Diyos"



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Aking narinig ang mga reklamo ng mga anak ni Israel; sabihin mo sa kanila, 'Pagsapit ng gabi ay kakain kayo ng karne, at kinaumagahan ay magpapakabusog sa tinapay; at inyong makikilala na Ako ang PANGINOON ninyong Diyos.'" (Exodo 16:12)

Ayaw palayain ng Faraon ang mga Israelita kahit dumaranas sila ng maraming salot. Pero pagkatapos ng salot ng paglipol ng mga panganay, agad niyang pinalaya ang mga Israelita.

Lahat ng bagay ay nangyari kung paano ito sinabi ng Diyos, Iniwan ng mga anak ni Israel ang Ehipto at tumungo sa Canaan. Kung bibilangin sila, mga lalaki pa lang ay 600,000 na. Napakarami nila, mga babae, mga bata, matatanda, iba't ibang lahi, mga alagang hayop mga kawan, at mga baka (Exodo 12:38).

Pag-aralan natin ang paglalakbay nila patungo sa Canaan kasama si Moises. Batay sa mga pangyayari sa paglalakbay, hinihiling ko sa inyo na lumagay kayo sa kinalagyan ni Moises o ng mga Israelita, tingnan ninyo kung ano ang gagawin ninyo. Kikilos ba kayo ayon sa kalooban ng Diyos?

### 1. Pinaghiwalay ng Diyos ang Dagat na Pula, pinatunayan Niya ang kapangyarihan Niya kay Moises

Kumilos ang Diyos sa harapan ng mga Israelita magmula ng lumaya sila mula sa Ehipto. Pinatnubayan sila ng Diyos sa pamamagitan ng haligi ng ulap sa umaga at haligi ng apoy sa gabi.

Pero sandali lang naging mapayapa ang paglalakbay ng mga Israelita. Nagdala ang Faraon ng animnaraang karwahe at lahat ng iba pang karwahe sa Ehipto at ang mga namumuno nito (Exodo 14:7). Nakakatakot marahil makita ang ganitong tagpo. Nagsimulang magreklamo kay Moises ang mga Israelita dahil nasa harapan nila ang Dagat na Pula at sa likuran naman ay ang hukbo ng Ehipto na humahabol sa kanila.

Pinapatunayan nito na wala pa rin silang tiwala sa Diyos. Lumaya sila mula sa Ehipto dahil narinig ng Diyos ang mga daing nila noong nagdurusa sila sa pagkaalipin. Hindi sila sapilitang inilabas ni Moises. Hindi nagalit ang Diyos sa napakaliit na pananampalataya ng mga Israelita. Nagpakita Siya ng dakilang kapangyarihan sa pamamagitan ni Moises.

Una, ang anghel ng Diyos na nasa harapan ng hukbo ng mga Israelita, lumipat ito sa likuran nila, ang haligi ng ulap na nasa harapan nila ay lumipat din sa likuran nila. At pagdating ng gabi, may liwanag sa hukbo ng mga Israelita, pero may ulap at kadiliman sa lugar ng mga Ehipcio. Hindi makasulong ang hukbo ng Ehipcio dahil sa kadiliman.

Iniunat ni Moises ang kanyang tungkod ayon sa iniutos ng Diyos. Sa pamamagitan ng malakas ng hangin mula sa silangan na humihip buong gabi, nahati ang malawak na karagatan. Lumabas ang tuyong lupa at lumakad sa tuyong lupa ang mga mamamayan sa gitna ng karagatan. Nang makatawid silang lahat, iniunat muli ni Moises ang mga kamay niya sa ibabaw ng dagat. Bumalik sa dati ang tubig, sa isang iglap, nalibing sa tubig ang buong hukbo ng Ehipto.

Umawit at nagsayaw ng may tamburin ang kapatid ni Moises at ang mga kababaihan, niluwalhati nila ang Diyos (Exodo 15:20-21). Nakakamangha na ang sampung salot, pero pinatunayan ng Diyos na kasama Siya ng mga Israelita at ni Moises sa paghawi Niya ng Dagat na Pula.

### 2. Nanalangin at nag-ayuno si Moises para sa mga Israelita

Inilalarawan ng ika-15 kabanata ng Exodo ang pangyayari sa Mara. Nakarating sa ilang ang mga Israelita pagtawid nila ng Dagat na Pula. Sa paghahanap nila ng tubig na maiinom, narating nila ang lugar na tinatawag na 'Mara.' May tubig doon, pero napakapait nito. Nasaksihan nila ang Sampung Salot, at nakatawid sila sa tuyong lupa sa Dagat na Pula kamakailan lang, pero wala pa rin silang pananampalataya, nagsimula na silang magreklamo. Dahil sa pananampalataya ni Moises, pinalitan ng Diyos ng tubig na maiinom ang mapait na tubig ng Mara.

Nang magreklamo sila tungkol sa pagkain, binigyan sila ng Diyos ng manna. Nang humiling sila ng higit pa sa manna, nagpadala ng pugo ang Diyos para makakain sila ng karne. At nang nawalan ng tubig na maiinom, nagreklamo din sila. Pinahampas ng Diyos kay Moises ang isang batong malaki, at bumuhos ang tubig.

Dahil sa pananampalataya ni Moises, pinatawad ng Diyos ang lahat ng mga Israelita. Nahabag Siya sa mga ito kaya kumilos Siya para iligtas sila. Pero sa kabila ng lahat ng ito, wala pa rin silang pananampalataya. Hindi maipapaliwanag sa salita ang simpatiya at pagmamahal para sa kanila ni Moises. Siya ang nanalangin para sa mga taong ayaw manalangin dahil sa kawalan ng pananampalataya. At gusto din niya na matutuhan ng mga mamamayan ang katotohanan at tulungan ang mga ito na magkaroon ng pananampalataya. Bukod dito, may isang pangyayari kung saan nakahanda siyang isuko ang kanyang espiritu para sa mga Israelita.

Ito ay nangyari noong umakyat sa bundok si Moises para tanggapin ang Sampung Utos. Nanalangin at nag-ayuno siya ng 40 araw para dito. Pero nainip sa paghihintay sa kanya ang mga Israelita. Gumawa sila ng guyang ginto, nag-alay ng mga sakripisyo sa imahe, at nagsiya sa pagkain at paglalasing. Nalungkot ang Diyos sa mga ginawa nila, gusto Niyang lipulin ang mga ito at magsimula ng bagong bansa sa pamamagitan ni Moises.

Pero nagmakaawa si Moises sa Diyos na iligtas ang mga mamamayan ng Israel, handa siyang isuko ang kanyang espiritu (Exodo 32:32). Dahil sa pagsusumamo ni Moises, pinatawad muli ng Diyos ang mga Israelita.

### 3. Nagkasakit ng ketong sa Miriam dahil pinintasan niya si Moises

Sa kabila ng mga nakita nilang kapangyarihan ng Diyos, wala pa ring pananampalataya ang mga Israelita, narereklamo sila laban kay Moises at binibigo ang Diyos kapag nahaharap sila sa kahirapan (Mga Awit 78:40). Kahit nawala ang paghihirap nila dahil sa pananampalataya ni Moises, pinintasan pa rin nila ito. Sinabi nilang makasalanan si Moises kapag hindi nila sinasang-ayunan ang isang bagay.

Halimbawa, nang magpakasal si Moises sa isang babaing Cusita, pinintasan siya ng mga kapatid niyang sina Aaron at Miriam. Sinasabi sa Mga Bilang 12:2, "At kanilang sinabi, 'Ang PANGINOON ba'y nagsasalita sa pamamagitan lamang ni Moises? Hindi ba nagsasalita rin naman siya sa pamamagian namin?'At narinig ito ng PANGINOON." Gusto nilang sabihin na may kapangyarihan din sila na pagsabihan si Moises dahil mga propeta din sila ng Diyos. Hindi pinatawad ng Diyos ang pamimintas nila kay Moises. Tapat siya sa buong sambahayan ng Diyos at sinusunod niya ang kalooban nito. Ibinuhos ng Diyos ang galit Niya kina Miriam at Aaron, naging ketongin si Miriam.

Nang idalangin siya ni Moises, pinagaling siya ng Diyos.

### 4. Ang dahilan kung bakit ipinakita ng Diyos ang kapangyarihan Niya sa mga Israelita

Nagpatuloy sa pagrereklamo ang mga Israelita laban sa Diyos at sa lingkod Niyang si Moises habang sumusulong sila patungo sa lupain ng Canaan, kahit marami silang nakitang mga tanda at himala. Pero matiyaga ang Diyos sa kanila.

Bakit nagpakita ng maraming makapangyarihang pagkilos ang Diyos sa mga Israelita sa pamamagitan ng pananampalataya ni Moises? Dahil nais Niyang lumago ang pananampalataya nila sa mga nakikita nilang kapangyarihan Niya. Gusto Niya na malaman nila at maniwala sila sa Kanya sa pamamagitan ng mga tanda at himalang ginagawa Niya para sumunod sila ng buong puso.

At kapag may ginagawa Siyang dakilang pagkilos, sinasabi Niyang, "At inyong makikilala na Ako ang PANGINOON ninyong Diyos" (Exodo 16:12). Ang ibig sabihin dito ng makikilala ang Diyos ay iwaksi ang lahat ng kasalanan at kasamaan at tularan ang Diyos na Siyang Liwanag. Ito ay pagsunod sa kalooban ng Diyos na may perpektong espirituwal na pananampalataya. Ang mga taong tulad nito ang makakapasok sa Lupang Ipinangako, ang Canaan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, iningatan ng Diyos ang mga anak ni Israel mula sa Sampung Salot, hinati Niya ang Dagat na Pula, nagpadala Siya ng manna at pugo, at ginabayan Niya sila ng haliging ulap at apoy. Dahil sa pagpapala at kapangyarihan Niya, ang mga Israelita – mga pinili ng Diyos – ay nakapasok sa Canaan na sagisag ng banal na tirahan.

Para makapasok sa banal na lugar, iwaksi natin ang maruming kasalanan at kasamaan, at pabanalin ang ating mga puso. Magtiwala tayo sa Diyos ng taos-puso, at magpasalamat at magalak, sa kabila ng paghihirap, ng may tapat na puso at tiyak na pananampalataya.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa ay maging mga tunay na anak kayo ng Diyos para makapasok kayo sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Magtagumpay sa mga Pagsubok, Maging mga Mananampalatayang parang Trigo

Nakakatagal ang mga halaman sa ulan, hangin, init ng araw, kaya mabuti ang ibinubunga ng mga ito. Tulad nito, napagtitiisan natin ang mga pagsubok kung may pananampalataya kaya nagiging parang trigo tayo. Bukod dito, kapag dumaan tayo sa prosesong ito, magiging mga tunay na anak tayo ng Diyos. Iwasan natin ang makalaman na saloobin na nagsasabi sa atin na mahihirapan tayo o matatakot tayo. Magtiwala tayo at umasa sa lahat ng bagay nang may pag-ibig para mapagtagumpayan natin ang kahit na anong pagsubok. Ang pagsubok ay pagpapala, ayon ito sa pag-ibig ng Diyos. Pag-aralan natin kung paano tayo magiging mga mananampalatayang parang trigo sa pamamagitan ng mga pagsubok.

## Una, paniwalaan natin ang pag-ibig ng Diyos hanggang sa atapusan!

Mababasa sa 1 Pedro 1:7, “Upang ang kadalisayan ng inyong pananampalataya na mas mahalaga kaysa gintong nasisira, bagama’t ito’y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay mauwi sa kapurihan, kaluwalhatian, at karangalan sa pagpapakita ni Jesu-Cristo.”

Kung minsan, hinahayaan ng Diyos na magkaroon ng mga pagsubok ang mga mananampalataya dahil nais Niya na magkaroon ang mga ito ng pananampalataya na tulad ng ginto. Bukod dito, nais Niyang tumanggap tayo ng kapurihan, kaluwalhatian, at karangalan sa walang hanggang Langit.

Dapat nating iwaksi ang kasamaan para magkaroon ng pananampalatayang tulad ng purong ginto. Dapat nating pagtiisan ang maraming bagay. Dapat nating isabuhay ang Salita ng Diyos at hindi makipagkasundo sa mundo. Samantala maaaring magdusa tayo nang wala sa katarungan. Kung mangyayari ito, magtiwala lang tayo sa pag-ibig ng Diyos at magpasalamat sa Kanyang espesyal na pag-ibig dahil dinadala tayo nito sa mas magandang tirahan sa Langit.

Higit pa dito, dapat nating pagtiwalaan ang pag-ibig ng Diyos hanggang sa wakas. Huwag nating pagdudahan ang pag-ibig Niya kapag tumagal ang pagsubok. Huwag nating isipin, “Bakit hindi ako tinutulungan ng Diyos? Mahal ba talaga Niya ako?” Kung magaalinlangan kayo, susuko kayo, maghahanap ng masisisi, at magrereklamo. Kaya, itanim natin sa puso ang pag-ibig ng Diyos at magtiis.

Sinasabi ng Santiago 1:4, “At inyong hayaan na malubos ng pagtitiis ang gawa nito, upang kayo’y maging sakdal at ganap, na walang anumang kakulangan.” Kung pagtitiwalaan ninyo ang pag-ibig ng Diyos hanggang sa huli, magiging perpekto kayo. Dapat nating matanto na ang pagsubok ay nagmumula sa pagmamahal ng Diyos na tumutulong at nag-aaruga sa atin para makapagtiis tayo at magbunga nang may pananampalataya.

## Pangalawa, paniwalaan natin na madaling paraan ito para makamit ang inaasahan!

Sinasabi sa Mga Taga-Roma 5:3-4, “At hindi lamang gayon, kundi nagagalak rin tayo sa ating mga kapighatian sa pagkaalam na ang kapighatian ay nagbubunga ng pagtitiis, at ang pagtitiis ng pagpapatibay; at ang pagpapatibay ng pag-asa.” Gaya ng sinabi, ang pagsubok o paghihirap ay nagsisilbing madaling paraan para makamit ang inaasahan. May mga nag-iisip sa inyo na mabagal ang pagbabago ng buhay nila. Pero kapag may mga pagsubok mas mabilis ang pagbabago. At kung magbabago tayo, magiging mga perpektong anak tayo ng Diyos na tumutulad sa Kanya.

Kaya, huwag nating iwasan ang pagsubok, pagtagumpayan natin ito kapag dumating. Natural lang sa taong piliin kung ano ang kumportable at madali. Pero kung iiwasan niya ang mga pagsubok mas matagal niyang makukuha ang inaasahan niyang marating.

Ipagpalagay nating mayroong isang taong hinahanapan kayo ng mali sa bawat bagay o sa bawat pangyayari. Ayaw na ninyong makita ang taong ito, pero hindi ninyo dapat siyang iwasan. Harapin ninyo siya at ang situwasyon. Pagtiisan ninyo ang situwasyon at umasa. Sikapin ninyong patawarin at intindihin siya. At sa pagpapala ng Diyos, magbabago kayo.

Nagsisilbing daan ang isang pagsubok patungo sa inaasahan. Kung totoong hinahangad ninyo na maging tunay na anak ng Diyos, isipin na lang ninyong mabilis na paraan ito, at pagtiisan ang lahat ng bagay nang may kagalakan at katapangan. Sumulong kayo nang may pananampalataya patungo sa inaasahan.

## Pangatlo, mag-isip at kumilos ayon sa kabutihan!

Sinisisi ng ibang tao ang Diyos o nagrereklamo sila laban sa Kanya dahil iniisip nila, “Bakit hindi kumikilos ang Diyos para sa akin o bakit hindi nagbabago ang kalagayan ko kahit isinasabuhay ko ang Salita Niya?” Maaaring sa panlabas, tapat sila sa paglilingkod at taimtim kung manalangin. Pero dahil masama pa rin ang puso nila, walang pagbabago ang kalagayan nila. Kaya kapag dumating ang mga pagsubok, mag-isip at kumilos tayo ayon sa kabutihan.

Hindi nakipagkasundo sa mundo si Daniel, nabuhay siya ayon sa Salita ng Diyos. Pero itinapon siya sa kweba ng mga leon dahil sa pakana ng masasamang tao. Pero hindi niya sinisi ang Diyos, ni hindi siya pinanghinaan ng loob. Bukod dito, hindi niya sinisi ang hari ni hindi siya dumaing. Hindi niya ginantihan ng masama ang masasamang taong nagplanong gumawa sa kanya ng kasamaan.

Dahil naging mabuting tao si Daniel hanggang sa itapon siya sa kweba ng mga leon, nagpadala ang Diyos ng mga anghel para itikom ang bibig ng mga leon. Iningatan siya ng Diyos para hindi siya mapinsala. Ang masasamang tao na nagplano ng masama ang naging pagkain para sa mga leon.

Siyempre, mahirap gawan ng kabutihan ang mga taong masasama. Pero kung batid ninyo ang espirituwal na batas, ito ang pinakamabuting paraan para tumanggap ng mga pagpapala.

Kung minsan, parang nagmumula sa mga tao sa paligid natin o sa mga pangyayaring malapit sa atin ang mga pagsubok. Pero sa totoo lang, ang kaaway na diyablo at Satanas ang nagdadala ng mga ito. Para mapagtagumpayan ang lahat ng pagsubok sa pamamagitan ng pananampalataya dapat nating maipanalo ang laban sa kaaway na diyablo a Satanas, at hindi sa mga tao.

Para magtagumpay sa espirituwal na labanan, lumaban tayo ayon sa espirituwal na batas. Ang batas na ito ay dapat magtagumpay ang kabutihan laban sa kasamaan. Mababasa sa Mga Taga-Roma 12:21, “Huwag kang padaig sa masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama.”

Kung inuusig kayo ng mga miyembro ng pamilyang hindi mananampalataya, pakitaan ninyo sila ng kabutihan at may pananampalataya. Ititigil nila ang pag-usig sa inyo, maibabahagi pa ninyo sa kanila ang ebanghelyo. Kung pinapatulan ninyo ang kasamaan nila at pagkatapos, pipilitin ninyo silang maging Cristiano, mas magiging matindi ang pagsubok, mas tatagal pa ito.

Kaya, idalangin ninyo sila nang may pagmamahal, paglingkuran ninyo sila para sa Panginoon, at sikaping haplusin ang puso nila. Mabubuting bagay lang ang isipin ninyo, ibahagi ninyo ang pananampalataya sa kahit na anong situwasyon. Ang Diyos na mismo ang magpapalayas sa kaaway na diyablo at Satanas, kikilos Siya sa puso ng mga miyembro ng pamilya, papatnubayan sila sa lahat ng bagay, at sasagot sa mga dalangin sa tamang panahon.

# "Nalumpo ang Tatay Ko Dahil sa Maling Operasyon, Nagmamaneho Siya ng Kotse Ngayon!"


**Kapatid Puneet,** 18 taong gulang, Delhi Manmin Church, India



▲ Mula sa kaliwa, si Aarti, kapatid na mas bata ni Puneet, ang tatay niyang si Banwariral Lal, nanay na si Vimla, Puneet, at isa pang kapatid na babaing si Bulbul



▲ Gumaling ang matinding pananakit ng ulo ni Puneet habang binabasa ng malakas para sa tatay niyang paralisado mula baywang pababa ang *Ang Mensahe ng Krus*



▲ Ang MRI bago gumaling: napinsala ang pangalawa at pangatlong mga buto sa gulugod dahil sa tuberculous spondylit

Marami na akong karamdaman magmula noong limang taong gulang ako. Mayroon akong epilepsy, matinding sakit ng ulo, at pagkahilo. Umiinom ako ng gamot, pero hindi ito nakakatulong. Pumupunta kami sa mga templong Hindu para gumaling ako, mas lumala ang sakit ko.

At ang mas nagpalala pa ng situwasyon, noong Marso 2012, nasuring maysakit na tuberculous spondylitis ang tatay ko na isang inhinyero para sa isang pabrika, nagpaopera siya. Gayon pa man, may maling pangyayari sa operasyon, nalumpo ang tatay ko mula sa baywang pababa. Hindi na siya gagaling. Nagkaroon kami ng problema sa pera, namasukan ang nanay ko sa isang tahian ng mga damit bilang clerk para magkaroon kami ng pantustos.

Samantala, nabalitaan niya ang tungkol sa Delhi Manmin Church mula sa kapit-bahay namin. Hiniling niya kay Pastor John S. Kim ng iglesyang iyon na bumisita sa bahay namin. Naghandog kami ng pagsamba sa Diyos kasama siya. Nagpakita din siya ng isang video tungkol sa makapangyarihang ministeryo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Namangha ako.

Noong Hunyo 2012, pinaniwalaan ng mga miyembro ng pamilya ko na ang Diyos ang tunay at nag-iisang Diyos, tinanggap namin si Jesu-Cristo. Nagsimula kaming magsimba, pero dahil hindi makapunta sa iglesya ang tatay ko, binigyan siya ni Pastor Kim ng libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus* sa wikang Hindi, tinulungan niyang magkaroon ng pananampalataya ang tatay ko. Regular ang pagpunta niya sa bahay namin para bisitahin ang tatay ko, idinalangin niya ito gamit ang panyong makapangyarihan na pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Habang binabasa ko ng malakas para sa kanya ang *Ang Mensahe ng Krus*, naramdaman kong unti-unting nawawala ang pananakit ng ulo ko.

Isang araw, sinabi ng tatay ko na nagkaroon siya ng isang panaginip. Nakita daw niyang kinukuha kaming lahat pataas sa papawirin at naiwan siyang mag-isa. Sumigaw daw siya ng, "Panginoon! Panginoon!" at umiyak. Pagkatapos, bigla siyang nagising. Nagbalik-tanaw siya sa naging buhay niya. Inalala niya ang mga mensaheng narinig niya. Pinagsisihan niya ang pagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan sa pamilya niya dahil sa pera at mga ari-arian. Hindi siya kumportable sa naramdaman niya. Pinagsisihan niya ang galit sa puso niya.

Noong Pebrero 2013, tinanggap ulit ng tatay ko ang panalanging may panyo. Nakakamanghang muling nabuhay ang mga ugat niyang patay! Nagkaroon ng pakiramdam ang ibabang bahagi ng katawan niya, naigagalaw na niya ito. Dumalo siya sa iglesya. Nabigla siya nang makita niya ang ipinintang larawan tungkol sa pag-agaw (rapture) sa altar dahil ganito ang napanaginipan niya.

Noong Nobyembre 2014, lubos na gumaling ang tatay ko nang tanggapin niya ang panalangin ng Punong Pastor para sa mga may karamdaman sa pagbobrodkast ng GCN sa araw ng Linggo. Hindi na siya nahihirapang maglakad ngayon. Nagmamaneho pa siya ng tricycle na panghatid, tinawag niya itong 'tempo'. Nagmamaneho siya para sa iglesya, bolunaryo niya itong ginagawa.

Gumaling din ang sakit kong epilepsy. Mababa ang ranggo ko sa eskwelahan dati, pero kamakailan lang, malaki ang ipinagbago ng mga marka ko. Ginawa pa akong iskolar. Boluntaryo din akong nagtatambol para sa iglesya. Gumaling ang kapatid kong babae mula sa mataas na lagnat, at nawala ang pananakit ng buong katawan ng nanay ko.

Mula sa Hinduism, naging Cristiano ang buong pamilya ko. Natanto namin ang dahilan ng mga karamdamang may kinalaman sa mga problema. Nagsimba din ang mga kapit-bahay namin dahil narinig nila ang mga patotoo naming pamilya. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na Siyang nag-iisang Diyos. Hallelujah!

# "Nawala ang mga Bato sa Pantog, Bumalik ang Kasiyahan sa Buhay Ko Bilang isang Mananampalataya!"

**Diakonesa Kyungae Lee,** 47 taong gulang, Daegu Manmin Church, South Korea

Naaksidente ang sinasakyan ko labimpitong taon na ang nakaraan. Ito ay isang van na kasya ang labindalawang pasahero. Pumutok ang gulong nito habang nasa expressway at bumaliktad. Bumangga ito at umikot ng dalawa't kalahating beses, hindi na ito napigilan. Dalawang buwan akong buntis sa pangatlong anak ko noon. Tumalbog akong palabas sa bintana, at bumagsak nang may kalayuan mula sa sasakyan.

Gayon pa man, noong mga oras na iyon, naramdaman kong sinalo ako ng isang anghel at inilapag ako sa lupa. Noong gabing iyon, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Kinabukasan, nagpasuri ako sa ospital. Walang nakitang problema. Pagkalipas ng ilang buwan ipinanganak ko ang isang malusog na sanggol na lalaki. Niluwalhati ko ang Diyos.

Lumipas ang panahon, nagsimba ako pero tuwing Linggo lang at hindi ako marunong manalangin. Pagiging abala ang sinasabi kong dahilan. Dahil maligamgam ang pananampalataya at mabigat ang damdamin ko, nagkaroon ako ng problema. May naramdaman akong masakit sa katawan ko, bago mangyari iyon, sumakit ag puson ko at nahirapan akong umihi.

Noong Nobyembre 22, 2014, naging matindi ang pananakit



Iningatan ng Diyos ang pinakabatang anak niyang si Kapatid Joonchae Nah sa isang aksidente noong ipinagbubuntis pa lang niya ito. Mula sa kaliwa: Kapatid na Nah, ang asawa niyang si Diakono Byunghak Nah, anak nilang babae Yoonhe Nah, si Diakonesa Kyungae Lee, at ang panganay na lalaki, si Kwangchae Nah

nito kaya nagpunta ako sa ospital. Nakita sa x-ray na may mga bato sa pantog ko at may hematuria sa pagsusuring ginawa sa ihi ko. Niresetahan ako ng doktor ng mga gamot para inumin ko sa loob ng isang linggo at pagkatapos, pinabalik ako para magpasuring muli.

Habang papalabas ako ng ospital at papauwi na, naalala ko ang maraming bagay. Dapat isinaisip ko ang pagpapala ng Diyos sa akin at tapat sanang naglingkod para sa kaharian Niya. Pero nakalimutan ko ang pagpapala Niya at ang nakikita ko lang ay ang mga bagay na nasa harapan ko. Magmula noon, dumalo na ako sa pulong-panalanging Daniel, nagsisi, at humiling ng tulong ng Banal na Espiritu. Pinagsisihan ko na nainis ako sa asawa at mga anak ko. Pinagsisihan ko din na mabigat sa loob ko ang paggawa ng mga tungkulin.

Noong Nobyembre 30, 2014, nataon namang magdiriwang ng anibersaryong pagsamba at pulong-panalanging puspos ng Banal na Espiritu ang Southern Pohang Manmin Church. Si Pastor Heesun Lee, ang Pandaigdigang Patnubay na Pastor ang mangunguna dito. Nagpunta ako at tinanggap ko ang panalangin niya gamit ang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Hindi nagtagal, may naramdaman akong kakaiba sa puson ko. Nagpunta ako sa banyo, may lumabas na mapula at buong dugo, naulit ito pagkatapos naming maghapunan.

Pagkalipas ng isang linggo, bumalik ako sa ospital para ulitin ang pagpapasuri. Sinabi ng doktor na wala na ang hematuria at mga bato. Wala akong sakit! Hallelujah! Dahil dito, nagbago ang buhay ko bilang isang Cristiano. Masaya na ako sa paglilingkod para sa kaharian ng Diyos. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714